

Mga Bagong Tuntunin: mga cellphone, pag-vape at cannabis

Ipinakilala ng Ontario ang pinaka-komprehensibong plano sa Canada upang mabawasan ang mga pagkagambala sa mga silid-aralan at mapabuti ang kalusugan ng mga bata.

Ang paggamit ng cellphone sa mga paaralan

Ang paggamit ng mga mobile device ng mga mag-aaral sa mga paaralan ay limitado na ngayon kapag oras na ng pagtuturo.

Ang mga pagbabagong ito ay:

- nakatutulong sa pagpapabuti sa pag-aaral sa silid-aralan
- pinananatiling nakatuon ang mga bata sa paksang pinag-uusapan
- nagtataguyod ng mas mabuting kalusugang pangkaisipan at kagalingan

Ang mga cellphone ay hindi pinapayagan kapag oras na ng pagtuturo para sa mga mag-aaral na nasa ika-7 hanggang sa ika-12 Baitang, maliban na lamang kung pinapayagan ito ng guro. Para sa mga mag-aaral na nasa kindergarten hanggang sa ika-6 na Baitang, ang limitasyong ito ay inilalapat sa buong araw na may klase.

Kung hindi itinabi ng isang mag-aaral ang kanyang cellphone sa isang lugar na hindi nakikita at naka-off o nakalagay sa silent mode, hihilingin sa kanya na ilagay ito sa lugar ng imbakan sa silid-aralan habang ginaganap ang klase. Ang mga mag-aaral na ayaw ibigay ang kanilang device ay papupuntahin sa opisina ng punong-guro. Pag-aaralan ng mga punong-guro ang bawat sitwasyon at magpapasya ng naaangkop na pagtugon.

Sa mga ilang sitwasyon, ang paggamit ng isang mobile device ay pinapayagan sa panahon ng pag-aaral kapag:

- ito ay ginagamit sa pang-edukasyon na layunin, ayon sa pangangasiwa ng guro
- ito ay kinakailangan para sa dahilang pangkalusugan o medikal na dahilan
- sinusuportahan nito ang mga pangangailangan ng espesyal na edukasyon

Ang pag-vape at paninigarilyo

Ang mga mag-aaral ay hindi maaaring magdala o gumamit ng mga produktong tabako, mga e-cigarette (mga vape) o mga produktong nikotina sa paaralan. Kung ang iyong bata ay natagpuan na mayroong alinman sa mga bagay na ito, dapat na kanyang isuko ang mga ito at kaagad-agad na ipapaalam namin sa iyo ang tungkol dito.

Cannabis

Kung nasa paaralan man o kaya nasa isang kaganapan na may kaugnayan sa paaralan, ang mga mag-aaral ay hindi maaaring magdala ng panlibangang cannabis, sumailalim ng impluwensiya ng panlibangang cannabis o magbigay ng cannabis sa iba para sa layunin ng panlibangang paggamit. Kung ang iyong bata ay natagpuan na mayroong panlibangang cannabis — dapat na kanyang isuko ito at kaagad-agad na ipapaalam namin sa iyo ang tungkol dito.

Ang mga mag-aaral ay maaaring magdala at gumamit ng medikal na cannabis sa paaralan para sa kanilang sariling personal na medikal na layunin kung kanilang sinusunod ang lahat ng **mga batas tungkol sa medikal na cannabis**.

Tungkol sa panlalawigang Kodigo ng Pag-uugali (Code of Conduct)

Ang aming patakaran sa panlalawigang Kodigo ng Pag-uugali ay nagtatakda ng malinaw na mga pamantayan ng pag-uugali para sa mga komunidad ng paaralan. Ang layunin nito ay upang matulungan ang mga paaralan na makabuo ng positibong kapaligiran sa paaralan at masuportahan ang mga nagagawa at kagalingan ng mag-aaral.

Lubos naming pinahalagahan ang inyong suporta at pagiging kasosyo sa paglikha ng malusog na kapaligiran ng pagkatuto sa paaralan.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga bagong tuntunin at ang aming panlalawigang Kodigo ng Pag-uugali, mangyaring pumunta sa **ontario.ca/SchoolRules**.